



Ang Espiritu ng Propesiya

Leksyon 29

1. Nang si Jesus ay umakyat na, ano ang ibinigay Niya sa mga tao?

Efeso 4:8 _____

2. Ano ang ilan sa mga kaloob na ibinigay Niya?

Efeso 4:11 _____

Ang salitang “Apostol” ay literal na pakahulugan ng Griegong salita na nangangahulugang “isa na isinugo” o sa ibang mga salita, isang misyonero.

3. Bakit ibinigay ni Jesus ang mga espirtual na kaloob na ito sa mga kabilang sa Kanyang iglesia?

Efeso 4:12 _____

Hindi katulad sa mga kilalang mga talento na maaring tinataglay ng sinuman, ang mga espirtual na kaloob ay ibinigay sa bayan ng Diyos upang ang bawat mananampalataya ay magkaroon ng ilang tiyak na mga gawain na maaring isagawa sa paglilingkod sa Diyos.

4. Hanggan kailan ang mga kaloob na ito kakailanganin?

Efeso 4:13 _____

Hanggan sa ang iglesia ay makaabot sa kasakdalan na sumusukat sa kapuspusan ng pangangatawan ni Cristo, siya ay magkakaroon ng mga misyonero, mga propeta, mga mangangaral, mga pastor, mga guro. Ang lahat ng mga kaloob ay magpapatuloy hanggang sa huling panahon.

5. Ang mga kaloob na ito ay upang ilayo tayo mula sa pagkapahapay dito't doon, at dinadala sa sa magkabikabila ng lahat ng ano?

Efeso 4:14 _____

6. Aling dalawang mga kaloob ang nakilala sa Antioquia?

Gawa 13:1 _____

7. Ano ang kaloob ni Filipe?

Gawa 21:8 _____

8. Ang tao ngang ito'y may apat na anak na binibini, na ano ang ginawa?

Gawa 21:9 _____

Madalas na pinagkakalooban ng Diyos ang mga babae ang kaloob ng propesiya: Miriam (tingnan ang Exodo 15: 20), Debora (tingnan ang Hukom 4: 4), Hulda (tingnan ang 2 Cronica 34: 22, Ana (tingnan ang Lucas 2: 26).

9. Ano ang inilagay ng Diyos sa ating harapan upang ating lakaran?

Jeremias 26:4 _____

10. Ano ang ikalawang pinagmumulan ng turo na atin ding pakikinggan?

Jeremias 26:5 _____

11. Dahil ang kautusan at ang mga propeta ay lumalakad na magkasama, ano ang nangyayari kapag ang kautusan ay hindi na pinanghahawakan?

Panaghoy 2:9

12. Paano tumugon ang Diyos sa ilan na sumangguni sa Kaniya?

Ezekiel 20:3

13. Bakit tumanggi ang Panginoon na bigyan sila ng anumang bagong payo sa panahong iyon?

Ezekiel 20:11-13

Kapag ang mga tao ay magpabaya sa kautusan ng Diyos at labagin ang Kanyang Sabbath, hindi sila makakasa na makatatanggap ng kaloob ng propesiya. Subalit ipanumbalik ang kautusan ng Diyos, at ang patotoo ni Jesus ay muling lilitaw (Tingnan ang Apocalipsis 12: 17).

14. Kailan mangyayari na ang kaloob ng propesiya ay muling mahahayag?

Gawa 2:17

15. Paano ang Diyos nagbibigay ng mga pabalita sa Kanyang mga propeta?

Bilang 12:6

Ang likas na pag-kakaroon ng matalas na pang-unawa o sa pagtatamo ng karunungan sa pag-aaral ay hindi bumubuo sa kaloob ng propesiya. Ang propesiya ay kung kailan ang Diyos magsasalita direkta sa Kanyang piniling tagapag-balita sa pamamagitan ng isang pangitain o panaginip, na nagbibigay ng tiyak na kaalaman na kung saan ang propeta ay walang anumang paraan sa pagtatamo nito. Hindi ang propeta ang pinagmumulan ng kaalaman, subalit tanging daluyan lamang kung saan nagsasalita ang Diyos.

16. Siya na tinatawag na Propeta ngayon ay tinatawag nang una na ano?

1 Samuel 9:9

17. Sinong propeta at sinong tagakita ang sumulat ng mga aklat na wala sa ating Biblia?

1 Cronica 29:29

Mula sa talata sa itaas malinaw na ang mga sinulat ng isang propeta at hindi kailangang nasa Biblia upang ang propetang iyon ay maging kinasihan. Nang ipagwalang bahala ni Ahab ang payo ni propeta Micaias (na hindi sumulat ng isa mang salita sa Biblia) siya ay nagdusa sa bunga ng kanyang paglabag tulad ng kung si Isaias o Jeremias ang nagbigay ng babala (tingnan ang 1 Hari 22). Kapag kinakasihang ng Panginoon ang isang propeta, kung ang mga pabalita man ay nagsisilbi lamang upang abutin ang isang tiyak na pangangailangan sa isang tiyak na panahon, o kung iyon ay kinasihan sa mga Kasulatan para sa lahat ng mga tao sa lahat ng mga panahon, ang sukat ng pagkasi ay gayun din. At ang mga pabalita ng mga tunay na propeta ng Diyos, nasa Biblia man o wala, ay magkakatugma sa nasulat na mga Kasulatan, kung saan ang lahat ay dapat subukin.

18. Ano ang dalawang mga mahahalagang bahagi ang ginampanan ng kaloob ng propesiya sa karanasan ng sinaunang Israel?

Oseas 12:13

“Tunay na ang Panginoong Dios ay walang gagawin, kundi kaniyang ihahayag ang kaniyang lihim sa kaniyang mga lingkod na mga propeta.” Amos 3: 7

19. Gaano kahalaga ang maniwala sa mga propeta ng Diyos?

2 Cronica 20:20

Sa Liwanag ng Salita ng Diyos....

O Nauunawaan kong ang kaloob ng propesiya at ang iba pang espirtual na kaloob ay natatanging mga kaloob ni Cristo sa Kanyang iglesia.

O Nauunawaan kong ang plano ng Diyos sa mga kaloob na ito manatili sa Kaniyang iglesia hanggang sa huling panahon.

O Nababatid kong ang kaloob ng propesiya ay tunay ngang nahahayag sa iglesia ngayong mga huling araw.

Karagdagang mga puna: _____

Pangalan: _____

Susunod na Leksyon: *Pagsubok sa mga Kaloob*